# Mga Samahang Estudyante, 1946-1958: Pakikipagtulungan sa Pamahalaan at Pagpahayag ng Sariling Tinig

**Ruben Jeffrey A. Asuncion**

**Abstract**

Papalawigin ng pag-aaral na ito ang isang bahagi ng kasaysayan ng mga samahang kabataan. Sisiyasatin ng pag-aaral ang malapit na ugnayan ng ilang estudyante sa mga pulitiko at sa gobyerno lalo na sa unang dekada ng panahong postwar. Sa artikulong ito, partikular na saklaw ang mga taong 1946-1958, na nasa unang yugto ng kontemporanyong kasaysayan. Pinakamalinaw na halimbawa ng aktibidades ng ilang organisasyon ng mga estudyante na iyon ay ang pakikisanib ng ilang samahang estudyante sa kandidatura ng nagbitiw na Defense Secretary na si Ramon Magsaysay simula Nobyembre 30, 1952 at paglaon, sa kanyang administrasyon bilang presidente. Tandaang panahon iyon ng pagbangon mula sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang pagpapatindi pa ng gahum at makinasyon ng mga Amerikano sa pambansang pulitika sa Pilipinas. Gamit ang ilang nakalap nang primaryang batis at sanggunian, at sa kabila ng mga limitasyon sa mobilidad, sisikaping sagutin: ano ba ang naging papel ng mga samahang estudyante sa pambansang pulitika sa loob ng panahong nabanggit? Sa pamamagitan ng lenteng dinamikong Estado (gobyerno)-pulitiko-mga samahang estudyante, napansin ang positibong papel ang mga samahang iyon sa

kandidatura at administrasyon ni Magsaysay. Subalit, sandali ang kolaborasyong ito, lalo na matapos ang biglaang kamatayan ni Magsaysay.

*Keywords: mga samahang estudyante, Ramon Magsaysay, kasaysayang kontemporanyo, pambansang pulitika, kasaysayang pulitikal*

## Introduksyon

Lilinawin at magdaragdag pa ang pananaliksik na ito[1] sa aspetong pakikipagtulungan sa gobyerno ng ilang samahan ng mga estudyante, lalo na sa panahon ng administrasyon ni Presidente Ramon Magsaysay. Bukod pa rito, partikular ding papansinin ang transisyon mula ng tuluyang pagkawala ng Young Philippines noong 1948 hanggang sa pagkahalal naman kay Artemio Panganiban bilang unang pangulo ng National Union of Students of the Philippines (NUSP) noong 1958.

Nais sagutin sa papel na ito ang mga sumusunod: anu-ano ang mga pangyayaring nagbunsod sa pagsuporta ng ilang samahang estudyante kay Ramon Magsaysay bilang kandidato sa pagka-pangulo? Ikalawa, anu-ano ang naging bisa ng pakikipagtulungang ito sa kanilang mga interes bilang samahan o organisasyon? Ikatlo, ano ang naging bisa ng pakikipagtulungang ito ng ng mga estudyante sa administrasyon ni Magsaysay? Ang pagpapakita ng potensyal ni Magsaysay noong Kalihim siya ng Kagawaran ng Pambansang Pananggol (Department of National Defense) at ang mga usaping bumalot sa administrasyon ni Presidente Quirino ang nagbunsod sa mga samahang estudyante na tulungan ang makulay na pulitiko mula Zambales. Subalit, bagamat nakipagtulungan ang mga estudyante sa gobyerno ni Magsaysay (na naihudyat din ng kawalan halos ng mga rali

laban sa kanya), tila bagang nakaligtaang ilagay sa sentro ang interes ng mga estudyante.

## *Balangkas konseptwal at teoretikal*

Iinog sa papel na ito ang dinamiko ng estado, mga pulitiko, at mga estudyante, mga susing-konsepto sa papel na ito. Ang operasyonal na pagpapahulugan sa modernong estado ay isa itong teritoryal na entidad, na ang pangunahing kakayahan nito ay ang mangalap at gumamit ng kapangyarihan sa isang ispasyal na dominyong may malinaw na mga hangganan (Abinales & Amoroso, 2004, p. 6). Isinasakatawan ang estado, sa pananaliksik na ito, ng mga pampanguluhang administrasyon ng Ikatlong Republika. Ang Ikatlong Republika naman ay sumasaklaw sa unang yugto ng kontemporanyong kasaysayan. Samantala, ang mga pulitiko ay ang mga kwalikipadong indbidwal na hinahalal ng maraming botante sa mga pampublikong posisyon matapos ang isang kampanya.

Mayroon ding mekanismo ang estado ("*state*") at lipunan ("*society*") upang malimita ang posibleng walang habas na paggamit ng estado sa kapangyarihan at malehitimisa ang estado bilang isang entidad na may internsasyonal na persona (Abinales & Amoroso, 2004, p. 7). Sa pag-aaral na ito, mas lumilitaw ang mga estudyante bilang mga aktibo sa pulitika at usaping panlipunan at gawaing pansibiko. Kaya mas gagamitin sa papel ang estudyante bilang mga partikular na grupo ng kabataang lumahok sa pulitika (sa gitna ng kanilang pag-aaral sa mga kolehiyo at pamantasan) at kaugnay na mga gawain sa panahong saklaw.





DIAGRAMA 1.

*Balangkas konseptwal na nagpapakita ng dinamikong samahang estudyante, mga pulitiko, at estado/ gobyerno.*

## *Mga oportunidad at suliranin*

Sasangguni ang may-akda ng mga detalye sa ilang aklat na mayroon siya at pati sa ilang *online archives* at *websites*. Kung gayon, ang *websites*, *online* na sinupan at ilang aklat ang madaling masasanggunian. Subalit, may mababanggit na mga suliranin para rito sa kabuuan ng panukalang papel na ito. Tila kaparehas nito ang mga suliraning sa pagsulat ng kontemporanyong kasaysayan kung mabigong makagamit ng mga opisyal na dokumento at pati ang mga panayam (Naankiel et al., 2016, p.8). Bukod pa rito, hamon din ang pagkuha ng mga impormasyon sa Internet lalo at huwad ang ilang

impormasyong nakapaloob sa *cyberspace* (Naankiel et al., 2016, p.9).

Nakatulong nang malaki para sa papel na ito ang *memoir*s ni Arturo Tolentino at ang *accessibility* pa rin ng mga *links* ng *President's Day in Review* noong 1956. Sa kabilang banda, isang kabalintunaan na magpahanggang sa ngayon, limitado pa rin *online* ang mga pagsasagunita sa pagkilos ng mga estudyante bilang mga organisadong grupong pulitikal. Maaaring dahil hindi pa na-*digitize* ang mga naratibo o libro ng mga student leader ng NUSP (maliban sa isang artkulo ni Artemio Panganiban), Conference Delegates Association o CONDA, at Student Council Association of the Philippines (SCAP). Pinakamainam na sanggunian para sa NASTUM at sa pagkampanya ng ibang estudyante para sa kandidatura sa pagkapangulo ng nagbitiw na Kalihim ng Pambansang Pananangol na si Ramon Magsaysay ang talambuhay ni Nick Joaquin kay Rafael Salas. Suliranin naman ang paghahanap ng kronolohiya o naratibo ng College Editors Guild of the Philippines sa Facebook o internet. Walang lahok sa *official page* nito o sa ibang *site* tungkol sa pagkakabuo ng CEGP mula sa panahon nina Ernesto Rodriguez at Wenceslao Vinzons hanggang noong dekada 1950.

## *Konteksto*

Gagamiting depinisyon sa papel ang kontemporanyong kasaysayan bilang panahong sumasaklaw sa mga taon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Partikular na sasaklawin ang mga taong 1946-1958. Sa palagay ng mananaliksik na ito, tinutugunan ng pagsaklaw na iyon ang suliranin sa peryodisasyon. Subalit, may isang tanong: kung ang isang depinisyon ng kontemporanyong kasaysayan ay ang pag-aaral sa mga kapanahunang tao o pangyayari, masasabi pang kapanahunan ba natin ang 1946 hanggang 1958?. Dahil dito, marapat lamang na magtakda ang mga historyador na interesado sa mga taong nabanggit ng mga katangiang lantad at ang mga hangganan nito, mga puntong naipayo na ng isang manunulat sa ibang pagkakataon (Barraclough, 1967, pp. 12-13).

Ayon naman kay Marc Bloch, may dalawang magkatunggaling pananaw ang naglalaban kung kailangan bang pag-aralan ang kontemporanyong panahon; ang ikalawang pananaw ay sumasang-ayon naman subalit para lamang sa mga sangay ng kaalaman na hindi nangangailangan ng nakaraan bilang tuon sa pananaliksik (Bloch, 1992, pp. 31-32). Sa huli, dapat tandaan ang mga tinuran ni Bloch: "Mauunawaan natin ang kasalukuyan ng dahil sa nakaraan, at mauunawaan natin ang nakaraan nang dahil sa kasalukuyan" (Bloch, 1992, pp. 32-36).

Samantala, ibinukod ni Chua ang kapanahunang kasaysayan sa "*contemporary history*" at pati ang *investigative journalism.* Aniya, ang *contemporary history* ay nabuo bilang tugon sa "pangangailangan sa pagsasapanahon" sa kasaysayan ng Europa (2008-2009, p. 61). Ang paglitaw ng *contemporary history* ay matapos ang "humaba nang humaba ang (pinagsumundan nitong) Modern History" na humalili naman sa Medieval History (Zeus Salazar, sinipi sa Chua, 2008-2009, p. 61). Samantala, bagamat malaliman din ang pagsuri sa *investigative journalism,* hindi nito naikokontekstuwalisa ang paksa "sa mas malawak na daloy ng Kasaysayan at kapaligiran ng bansa" (Chua, 2008-2009, p. 62).

Sa liwanag nito, lalo at napagkasunduan ng mga historyador na Pilipino na nagsimula ang kontemporanyong kasaysayan ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maaaring sundin naman ang peryodisasyong inihapag ng Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas - Diliman (UP Diliman). Ayon kay Santillan (2021, w.p.), sinasaklaw ng balangkas na ito ang: 1946-1972 (Ang Bansa Sa Harap ng Neokolonyalismo); 1972-1986 (Ang Bansa sa Harap ng Diktadura); at 1986-2016 (Ang Bansa Matapos ang Unang Kapangyarihang Bayan at mga Hamon ng Pagbabago). Para naman kina Abinales & Amoroso, mahalagang katangian ng mga taong 1946-1972 ang desentralisasyon ng poder na nauna nang nakatuon sa presidente, gawa ng pagpapalakas ni Presidente Manuel Quezon sa mga pampanguluhang kapangyarihang at prerogatibo. Tawag pa nila sa panahong 1946-1972 ay "*all politics is local,*" kung hihiramin ang kataga ni Alfred McCoy (Abinales & Amoroso, 2004, p. 167-192). Para sa

papel na ito, saklaw ang mga taong 1946-1958 sa unang yugto ng kontemporanyong kasaysayan ng Pilipinas: "Ang Bansa sa Harap ng Neokolonyalismo" at ang lumalaking papel ng mga lokalidad sa mga gawaing pulitikal na nakabatay sa sentro. Bukod pa rito, isasaalang-alang din sa papel ang tatlo sa sampung katangiang taglay ng kontemporanyong kasaysayan: "naghahain ng mga pagsusuring historikal sa mga kasalukuyang issue;" ang "pagbabalik sa mga naunang *conjucture*" o panahon ng transisyon at "ang pagtugon sa hamon ng mga batis para sa paksa" (Santillan, 2021, w.p.).

Sa liwanag na tila "malayong-malapit" na distansya ng 1946-1958 sa panahon ko at sa patuloy na pangangalap ng primaryang batis para sa paksa, mahalaga ring isaalang-alang ang ilang payo ni Johnes hinggil sa pagsulat sa kontemporanyong kasaysayan:

> *The historian's skill is to generalize from the fragmented pieces of evidence and to write a history where assertions are qualified and the nuances of the past are clear (Johnes, 2011, p. 23).*

## Mga kaugnay na pag-aaral at dokumento

Ang mga naunang pag-aaral tungkol sa pulitikal na pagkilos ng mga estudyante ay pawang nakatuon sa mga samahang pambansang-demokratiko simula dekada 1960. Halimbawa, para kay Abinales (1985, p. 42), ang samahang pambansang-demokratiko ang mas nakakita sa pulitikal na potensyal ng mga kabataan, hindi tulad ng naunang Partido Komunista ng Pilipinas. Samantala naman, marapat lang din pansinin ang katangian noon ng mga estudyanteng Pilipino na nagpapabukod sa kanila sa mga dayuhang estudyante: ang labis na pagkahumaling sa mga konsepto o bagay na Kanluranin (Abinales, 1985, p. 41). Sa kabilang banda, katulad din ng ibang mga mag-aaral ang mga estudyanteng Pilipino sa pagtingin sa edukasyon bilang tuntungan sa pag-akyat sa lipunan (Randolf David, sinipi sa Abinales, 1985, p.41). Bukod dito, tulad din ng ibang estudyante, nakasasagap din ang mga estudyanteng

Pilipino ng mga ideyang taliwas sa umiiral na kaisipang panlipunan na maaaring magparadikalisa sa kanila (Abinales, 1985, p. 41). Iniugnay naman ni Valte (1987, pp. 50-54) ang mga kilusang estudyante sa Pilipinas sa daloy ng aktibismong estudyante sa Alemanya, Estados Unidos, Hapon, at Pransya noong huling hati ng dekada 1960. Isinalaysay at sinuri din niya ang pag-usbong at pansamantalang paghupa ng mga samahang estudyanteng progresibo sa Pilipinas noong mga dekada 1960, 1970 at sa pangkalahatan ng dekada 1980 (Valte, 1987, pp. 54-59).

Bukod sa kanila, si Onofre Corpuz naman ay nagsulat sa kilusan / samahan ng mga estudyante bago ang dekada 1960. Sinuri niya ang kahalagahan ng Young Philippines o YP bilang "tila pinakaunang pagtatangkang i-organisa ang isang pambansang samahan ng mga kabataan at estudyante" sa Pilipinas (Corpuz, 1969, p. 3). Naglaho ang YP, hindi dahil sa walang kabuluhan ang mga ideyal nito o layunin. Bagkus, nabigo ito dahil sa ninais nitong magpahayag ng sariling tinig ang kabataan at estudyante, habang kinakailangan na magpahayag sa isang tinig ang mga Pilipino mismo sa mga huling taon bago ang nakatakdang (muling) pagkakamit ng kasarinlan (Corpuz, 1969, pp. 3-4). Sa aspetong organisasyonal naman, kung ihahambing sa Partido Nacionalista, nasa desbentahe ang YP. Ito ay dahil bilang samahang nakabase sa Maynila, wala itong mga sangay o presensya sa mga lalawigan na magsasakatuparan sa mga layunin at istratehiya nito (Corpuz, 1969, p. 3). Nakinita naman ni Corpuz na ang tinatawag na *student power* (maaaring isalin bilang kapangyarihang estudyante) ay hindi magiging permanente at institusyonalisadong partido. Sa halip, magsisilbing daluyang ito ng "agitasyong sosyo-pulitikal." (Corpuz, 1969, p. 9). Mas may pag-asang matagumpay na maisakatuparan ang kapangyarihang estudyante sa mga kolehiyo o unibersidad-ang kanilang "ikalawang tahanan-" lalo na at ang mga institusyong ito ang dapat mas nakauunawa at yayakap sa pagbabago (Corpuz, 1969, p. 9).

Masasabi namang primaryang batis ang pagsasalarawan ni Teodoro Agoncillo sa *strike* na inorganisa nilang mga

estudyante sa Manila North High School mula Enero hanggang Marso 1930. Bilang pagtuligsa sa mapag-aglahing mga kataga ng isa nilang Amerikanang guro laban sa tila hindi pagliligo ng mga Pilipino, hindi pumasok ang mga mag-aaral at hinarang pa ang mga kalsadang kalapit ng Manila North, na Arellano High School sa kasalukuyan (Agoncillo, 1976, p. 23). Paglaon, umabot na rin sa tatlo pang hayskul ng Maynila ang pag-*strike.*

Interesante ang kronolohiya at pagsuri ni Corazon Damo-Santiago sa mga pagprotesta ng mga estudyante mula 1869 hanggang 1972. Para sa siglo 20, kinasangkapan ni Damo-Santiago ang mga pahayagan, mga manipesto, at ilang interbyu sa mga lumahok sa mga rali para mabuo ang paghahanay ng mga demonstrasyon ng mga mag-aaral. Ang nasabing mga mag-aaral ay mula sa mga hayskul at mga kolehiyo/pamantasan sa Maynila at iba pang bahagi ng Pilipinas. Labing-pitong demonstrasyon ang nairekord noong panahon ng mga Amerikano, tatlong rali ang naitala noong panahon ng Komonwelt at 213 naman para sa Ikatlong Republika (Damo-Santiago, 1972, p. 205). Pagdating naman sa pagreak sa mga isyu na nakakaapekto o di nakakaapekto sa kanila bilang estudyante, 127 demonstrasyon ang naidaos mula 1946-1972, hinggil sa mga isyu na hindi tuwirang nakaapekto sa kanila bilang mga mag-aaral; 86 naman ang isinagawa tungkol sa mga usaping tuwirang nakaapekto sa kanila bilang estudyante (Damo-Santiago, 1972, p. 198).

Mula 1946 hanggang 1958, nakatala si Damo-Santiago ng limang demonstrasyon na nagpapahayag ng mga saloobin sa mga pambansang isyu: *collaboration, parity rights, junket* ng ilang senador, pagtaguyod ng kandidatura ni dating Kalihim Ramon Magsaysay, at ang panawagang isuko ng Embahada ng Indonesia ang nagtatago sa kanila na si Alfredo Saulo, na humihiling ng asilong politikal matapos ang ilang taong pakikilahok sa kilusang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan o HMB (1972, pp. 40-52). Sa kabilang banda, sa nasabing mga taon na din iyon, nakapagtala si Damo-Santiago ng pitong demonstrasyon na hinggil sa mga usapin sa loob ng mga partikular na unibersidad o eskwelahan (Silliman, Zambales

Trade School, University of Manila, UP, UP Cebu College, at Manila Central University).

Sa ibayong-dagat, pinakamatatampok ang mga pag-aaral nina Seymour Lipset at Josef Silverstein. Para kay Lipset, mayroong iba't ibang mga konteksto sa pag-usbong ng mga pakikilahok o pag-iwas ng mga estudyante sa mga gawaing pulitikal. Bagamat napagtuunan ng pansin noon sa pag-aaral ng *student politics* ang makakaliwang oryentasyon ng ilang grupong pulitikal, importante ring kilalanin ang kalakasan ng mga tradisyonal at konserbatibong samahang estudyante (Lipset, 1968, p. 3). Sa kanyang paghambing sa mga halimbawa mula sa iba't ibang mga bansa, lumilitaw kay Lipset na malaking bisa o sagwil sa pagsali sa aktibismo (sa pangkalahatang pagpapakahulugan nito at hindi lamang sa iisang oryentasyong pulitikal) ang pinagmumulang pamilya at ang pinasukang kurso (1968, pp. 3-5). Samantala, sa kaso ng Burma (ngayon ay Myanmar), nabatid ni Silverstein na mas lantad ang mga pagkilos ng mga estudyante roon mula sa pagkampanya para sa kasarinlan ng Burma simula 1920 hanggang sa kudeta ng 1962. Noong nagsasarili nang bansa ang Burma, hindi magkaisa ang mga samahang estudyante kung hindi tungkol sa kanilang mga hinaing ang mga isyu na kanilang kinasasangkutan (Silverstein, 1968, p. 291).

Mula 1946 pasulong 1948, tinangkang ipagpatuloy ang Young Philippines (YP), na siyang pinakakilalang samahang estudyante bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Matatandaang isa ang YP sa mga lapiang pulitikal na ipinagbawal ng mga Hapon noong 1942. Sa kabuuan naman ng dekada 50, nagbuo pa rin ng ilang samahan ang mga kabataan. Maisasakonteksto pa ang mga hakbang na ito sa mga sumusunod na pangyayari: ang pagtatangkang bumangon ng mga Pilipino sa kapinsalaang iniwan ng giyerang nagdaan, ang panunumbalik ng paksyonal na pamumulitika, ang pagsambulat ng mga alegasyon ng katiwalian sa pambansang antas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang pagsimbuyo ng Aklasang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, at ang simula ng neokolonyalismong Amerikano kaalinsabay ang Cold War laban sa komunismo (Asuncion, 2015, pp. 50-53).

Maihahalimbawa sa mga samahang kabataan na naitatag noong dekada 40-50 ang Student Council Association of the Philippines (SCAP), Conference Delegates Association (CONDA), at National Union of Students of the Philippines o NUSP (Asuncion, 2015, p. 53). Tuluyan namang nawala ang Young Philippines noong 1948 nang mapagpasyahan nitong umanib sa Partido Nacionalista para bumuo ng mas matibay na oposisyon sa pampanguluhang halalan ng 1949 (Tolentino, 1990, pp. 81-82, sinipi sa Asuncion, 2015, p. 53). Kasama din nitong umanib sa Partido Nacionalista ang Popular Front, Philippine Youth, at Democrata Nacional. Muli rin naman nagpatuloy ang College Editors' Guild, matapos ang ilang taong pagka-antala gawa ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Limitado naman sa pambansang antas ang pag-aaral na ito sa mga samahang kabataan. Gayumpaman, kailangang mabanggit na may pakikilahok sa mga usapin ng kanilang mga pamayanan ang mga Pilipinong Muslim matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa pamamagitan ng Muslim Association of the Philippines (MAP) na itinatag noong 1926 at muling binuhay noong 1949 ni Kongresista Ombra Amilbangsa ng Sulu, noong 1955 ay lumahok sa kanilang unang pambansang kumperensya ang kasapian nito, kasama ang mga estudyanteng nakapag-aral sa mga unibersidad (McKenna, 1998, p. 135). Nailarawan din ang naturang pambansang pagpupulong ng MAP bilang pagsasama-sama ng mga miyembro ng "may-tinig at nakapag-aral na uri" ng mga Muslim sa kabuuan ng Pilipinas, samantalang ang MAP mismo ay produktong postkolonyal ng paggabay noon ng Amerikanong edukador na si Edward Kuder (McKenna, 1998, p. 136). Hindi pa malinaw sa pananaliksik ko ang ugnayan ng MAP sa mga Pilipinong Muslim na nag-aral sa Pamantasang Al-Azhar sa Cairo, Egypt at iba pang institusyon sa Gitnang Silangan gawa ng kahirapang makakalap pa ng karagdagang datos o batis. Mula 1955 hanggang 1978, may mga Pilipinong Muslim na kumuha ng matataas na aralin sa pamamagitan ng mga iskolarsyip na inihandog ng gobyernong Ehipto, bilang bahagi ng pan-Islamikong mga hakbang at layunin ng nasyonalistang lider na si Gamel Abdel Nasser (McKenna, 1998, p. 143). Nakabuo ng komunidad ang mga estudyanteng iyon sa

Cairo na nagsusulong ng aktibismong Islamiko ang katangian at nagtutulak din ng mga pagbabagong sosyo-pulitikal sa kanilang pinagmulang mga pamayanan. Mula 1958 hanggang 1967 naman, sa bisa ng mga iskolarsyip na inialok ng Commission on National Integration (na binuo bilang tugon sa mga hinaing ng diskriminasyon ng mga Pilipinong Muslim lalo noong dekada 50), 8,000 Pilipinong Muslim ang nakapag-aral sa Maynila (McKenna, 1998, pp. 139-140). Bagamat mas kaunti ang nakapagtapos, ayon kay McKenna, hindi hamak na mas malaki ang bilang na ito kumpara sa mga taon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Bukod pa rito, ang nasabing mga graduates, na mula sa *non-elite* na *background*, ay bumuo bilang bagong elit na propesyonal sa kanilang mga pamayanan (McKenna, 1998, p. 140).

Sa kaso naman ng mga mag-aaral na taga-Kordilyera, saksi ang dekada 50 sa pagkakabuo ng mga organisasyong pang-estudyante, na hindi man lantarang pulitikal, ay nagpapanatili sa kanilang dalumat ng Kordilyera bilang isang rehiyon at ng kanilang pagkakilanlan bilang mga "Igorot" (Finin, 2005, p. 203). Sa sumunod na dekada naman, dumami ang mga estudyanteng Cordilleran na tumungo sa lungsod ng Baguio para sa pag-aaral; nagdulot din ito ng "*momentum*" sa loob ng patuloy noong paglawak ng kasapian ng organisasyong BIBAK (Benguet-Ifugao-Bontoc-Apayao-Kalinga), na pumalit sa pre-WWII na BIBKA (Finin, 2005, p. 204). Nang pinangambahan ang epekto sa pagkakaisang Igorot ng napipintong tunggalian nina Gobernador Bado Dangwa at Dennis Molintas sa unang halalan para sa pagka-gobernador ng Mountain Province noong 1955, naglabas ang Centralized BIBAK (*umbrella organization* ng BIBAK) ng resolusyon na nanawagan sa dalawa na dumalo sa isang pagpupulong kasama ang mga pinuno ng mga pamayanan (Finin, 2005, p. 186). Ngunit bago pa man nagsimula ang pagpupulong na iyon sa Baguio City Auditorium, nagpahayag si Gob. Bado Dangwa na "*let the people choose the better governor*" (25 Setyembre, 1955 na ulat ng *Baguio Midland Courier* at sinipi sa Finin, 2005, p. 186). Sa huli, hinayaan na lang umano ni Molintas ang pangangampanya at nagwagi sa botohan si Gob. Dangwa bilang unang halal na gobernador ng Mountain Province. Nagdaos din ang BIBAK ng mga kultural

na aktibidad sa mga kampus sa Baguio na nagpasundayag sa kanilang identidad at kultura noong unang mga taon ng dekada 60 (Finin, 2005, p. 205).

## Paghupa at pakikilahok

Mula 1946 hanggang sumunod na dekada, may ilang idinaos na raling pulitikal ang mga grupo ng mga estudyante. Idinaos ang isa sa mga ito noong Agosto 18, 1946, nang nanawagan ang 4,000 na estudyante na gawaran ng amnestiya ang mga isinakdal sa mga kasong kolaborasyon. Pinangunahan nina Sergio H. Loyola, Porfirio Miraflores at Jesus Quiambao ang demonstrasyon ito, na nagmula Plaza Guipit sa Sampaloc at tumungo sa harap ng Malacañang. Kanila ring ipinagtanggol ang pagtanggap ng mga naging opisyal sa administrasyon ni Presidente Jose P. Laurel sa mga pagkakahirang noong panahon ng mga Hapon. (Damo-Santiago, 1972, p. 41). Nang kinapanayaman siya ni Damo-Santiago, isinaad pa ni Miraflores, na naging komentarista sa radyo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, na inutusan si Laurel ni Presidente Manuel Quezon na tanggapin ang panguluhan ng "Republikang itinaguyod ng mga Hapon" upang ang kapalit ay ang mabigyan siya ng mga *intelligence reports* tungkol sa mga bagong mananakop (Miraflores, sinipi sa Damo-Santiago, 1972, p. 41). Kapansin-pansing higit na nag-aalala ang mga demonstrador na iyon sa kasasapitan nina dating Presidente Laurel, Benigno Aquino, Sr. at Jorge P. Vargas, ang naging pinuno ng Philippine Executive Commission sa unang taon ng okupasyon (Damo-Santiago, 1972, p. 41).

Bagamat naging mainit na balitaktakan sa Kongreso ang usapin ng pagbago sa Saligang Batas ng 1935 para maipasok ang probisyong *parity rights* para sa mga Amerikano, isang *rally* lamang ang naitala patungkol dito. Pinamunuan ni Teodoro Abueva ang iilang estudyante mula sa Unibersidad ng Pilipinas ang isang demonstrasyon; sayang at di na naidetalye pa ni Damo-Santiago ano ang pangunahing ipinaglaban nina Abueva.

Ang masasabing pinakamalaking demonstrasyong pulitikal ng mga estudyante mula 1946-1950 ay naganap noong Agosto 10, 1948 bilang pagtuligsa sa *"junket"* ng ilang senador para sa isang kumperensyang internasyonal. Limang libong estudyanteng kasapi ng College Editors Guild (CEG), Conference Delegates Association (CONDA) at Student Council Association of the Philippines (SCAP) ang nagdemonstrasyon sa Plaza Miranda upang tutulan ang "hindi kailangan, wala-sa-panahon, at paglulustay sa kaban ng bayan" na biyahe nina Sen. Pablo Angeles David at Sen. Emiliano Tria Tirona para sa *inter-parliamentary conference* sa Europa. Naipakita ang pagpuna ng mga estudyante sa mga islogang ganito ang mga panawagan: *"Be a Senator and see the world," "Let's keep junk within our shores,"* at *"Yesterday, Graft and Corruption-now Junkets."* Sa Plaza Miranda, nagtalumpati ang mga orador na estudyanteng sina Salvador H. Laurel, Virgilio delos Santos, Marcelino Agana, Jr., Mauro Dionisio, at Palma Gil (Damo-Santiago, 1972, p. 44). Ang isa pa ay ang isinagawang pakikiisa ng CEG para sa mga nagpoprotestang empleyado ng pahagayang *Evening News.* Tinanggal kasi sa trabaho si Cipriano Cid, na kinilalang lider ng nasabing mga manggagawa.

Bakit kaya madalang ang mga pagkilos na iyon sa kabila na mainit na usapin noon ang pagresolba sa usapin ng kolaborasyon sa mga Hapon at ang paggawad sa mga Amerikano ng *parity rights*? Maaaring dahil sa bumabangon pa ang bansa noon matapos ang madugong pananakop ng mga Hapon mula huling hati ng Disyembre 1941 hanggang 1945 at nagnanais naman ang mga estudyante na muling bumalik sa pag-aaral. Hindi nakikita o naririnig ang mga samahang estudyante noong kasagsagan ng mga paglilitis ng People's Court sa mga "kulaboreytor" mula 1946 hanggang 1948. Kakaiba ito lalo na aktibo naman ang mga estudyante, partikular na sa Maynila, noong 1932-1941, sa iba't ibang uri ng pulitikal na pagkilos, gaya ng pagdaos ng demonstrasyon, pagsali sa mga halalan, at pakikipagdebate. At may mga dating lider-estudyante na nasangkot sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig: si Wenceslao Vinzons bilang pinuno ng pagtunggali sa Camarines Norte at si Aurelio S. Alvero, bilang isa sa mga inaakalang masugid na taga-suporta ng mga Hapon.

## Pagsuporta sa ilang pulitiko at sa gobyerno

Noong Disyembre 1952, binuo ang National Students Movement for Democracy (NASTUM), sa pamumuno ni Rafael Salas, bilang paghahanda sa pagkampanya kay Ramon Magsaysay (Asuncion, 2015, p. 56).[2] Kung maaalala, nagbitiw si Magsaysay sa puwesto bilang Kalihim ng Tanggulang Pambansa at, sa tulong nina Senador Jose P. Laurel at Senador Claro M. Recto, "nangibang-bakod" tungong Partido Nacionalista. Samantala, nakikilala na noon pa si Salas sa pamumuno ng UP Student Council habang nag-aaral ng mga kurso sa abugasya. Nagunita mismo ni Salas ang kanyang karanasan bilang lider-estudyante ng kanyang panahon:

> *For campus elections, the fraternities formed alliances to field candidates. The objective, usually elaborated in arcane language, was simply ascendancy on the campus. The highest posts fought for were the presidency of the University Junior Council and that of the University Student Council. In two succeeding years, I won both posts. Between 1951 and 1953, I was the top student leader of the University of the Philippines. The student councils of all Philippine universities and colleges had a national organization called the Student Councils Association of the Philippines (SCAP). I won the presidency of that too, for the 1952-1953 term, virtually becoming the student leader of the country (Rafael Salas, sinipi sa Joaquin, 1987, p. 51).*

Nabanggit sa talababa ng isang tesis masterado na si Salas: "Noong mga taóng iyon…ay namayani sa *student politics* sa Unibersidad ng Pilipinas (UP Diliman), katunggali si Rufino Hechanova. Kapwa magiging mga Kalihim Tagapagganap (*Executive Secretary*) sina Salas (sa ilalim ng unang termino ni Marcos) at Hechanova (sa administrasyon ni Diosdado Macapagal)" (Joaquin, 1987, p. 51). Noong unang hati ng dekada 1950, ang pamumuno sa University Student Council sa UP ay pinaniniwalaang nagtatataglay ng prestihiyo, kaya mainit ang mga kampanya para makuha ito sa pagitan ng mga *fraternities*

na may mga akronym na halaw sa mga letrang Griyego tulad ng Upsilon Sigma Phi (Cortez, 1985, p. 314). Bukod pa rito, nagsisilbi ring mga *student political parties* ang mga *fraternities* sa UP Diliman. Sa kaso ni Salas, nagdala siya ng pagkilala sa kanyang *fraternity* na Sigma Rho nang makilala siya sa *student politics* sa UP (Joaquin, 1987, p. 50). Sa anibersaryo ng kapanganakan ni Andres Bonifacio noong 1952, nagdaos ang 15,000 estudyante ng isang *torch rally* mula Luneta hanggang Fort Santiago. Sa pangunguna ni Salas, sa nasabing kaganapan bago itatag ang NASTUM, kanilang tinuligsa ang mga hakbang na maaaring banta sa demokrasya ng Pilipinas (Asuncion, 2015, p. 57). Subalit, maaaring pasaring din ito sa anumang binabalak umano ni Presidente Quirino na ikalalagay kay Magsaysay sa desbentahe (Talababa 188 sa Asuncion, 2015, p. 57). Kanila ring inihayag ang pagsuporta kay Magsaysay, (na "pag-asa ng bansa," anila), bagamat bumigkas din ng kanilang katapatan sa Pilipinas (Joaquin, 1987, p. 53 at Talababa sa Abueva, 1971, p. 230 sinipi sa Asuncion, 2015, pp. 57-58). Nang dahil sa NASTUM, at ang sumunod dito na Students Magsaysay for President Movement (SMPM), napalahok ang mga estudyante para itaguyod ang kandidatura ni Ramon Magsaysay at kalabanin ang *incumbent* na pangulong Elpidio Quirino sa halalang presidensyal ng 1953. Binuo daw ang NASTUM para maprotektahan ang demokrasya. Ngunit, inamin din ni Salas na para itulak ang kandidatura ni Magsaysay bilang pangulo ang pagbubuo ng NASTUM. Naniniwala ang mga kasaping ito na isang aktibong lider na tulad ni "The Guy" umano, at hindi ang kaparis ni Presidente Quirino na pinupukol ng mga alegasyon ng katiwalian, ang kailangan ng bansa. Asuncion, 2015, p. 57). Paglalahad pa ni Rafael Salas:

> *When Magsaysay decided to run against President Quirino, he thought at once of attracting the students to his side. I was approached by a Magsaysay aide, Jose Crisol, who asked if I would be willing to form a student movement in pro of Magsaysay. President Quirino was, by that time, very unpopular, because of the corruption issue his enemies were using against him. One item was that expensive bed of his. In contrast, Magsaysay was a popular*

> *figure, especially among the young, and his known personal integrity as well as success as defense secretary had been appearing to me as an ideal candidate, one who might, as President, be able to effect a change. So I agreed to organize and lead the first movement to launch the Magsaysay candidacy" (Salas, sinipi sa Joaquin, 1987, pp. 56-57).*

Ayon pa kay Nick Joaquin, na biograpo ni Rafael Salas, pumupunta pa mismo sa *campaign headquarters* sa Mangga, Santa Mesa, Maynila ang mga maka-Magsaysay na estudyante at ibang kabataan para mag-ulat at mabigyan ng payo (tungkol sa kampanya?) ni Magsaysay (Joaquin, 1987, p. 59).

Noong Setyembre 8, 1953, binuo naman ang Students Magsaysay for-President-Movement (SMPM), sa pamumuno rin ni Rafael Salas. Napaloob na rin sa SMPM ang NASTUM (Joaquin, 1987, p. 58). Kabilang ang naturang organisasyon sa mga samahang binuo para sa iba't ibang mga sektor upang itaguyod ang kandidatura ni Magsaysay, ang Magsaysay for President Movement o MPM. Ayon kay Abueva, pinangasiwaan ang MPM ng batang mga abugado, dating mga sundalo, at mga negosyante; nagtatag pa ng Magsaysay-for President *clubs* na hinalaw sa Eisenhower-For-President *clubs* sa United States na binuo para sa kandidatura ni Hen. Dwight Eisenhower (Abueva, 1971, p. 241). Bukod kay Rafael Salas, kasama niya sa Students Magsaysay for President Movement ang kapwa ring mga lider-estudyante ng kanilang panahon: Ignacio Debuque, Federico Azcarrate (College Editors Guild), Mamerto Banatin (Student Catholic Action of the Philippines), Clemente Soriano (Conference Delegates Association), Dante Calma, Regino Jante (National Association of ROTC Officers), Manioba Aguam (Muslim League) at Ernesto Angeles (Student Veteran Association of the Philippines) (Joaquin, 1987, p. 58 at Abueva, 1971, p. 242). Nagpadala din ang NASTUM ng mga "*teams*," sa Ilokos, Lambak ng Cagayan, Maynila, Kabikolan, Kabisayaan pati na sa Mindanao at Sulu para magrekluta ng bagong kasapian at mangalap din ng mga pangako para sa pagsuporta kay Ramon Magsaysay (Joaquin, 1987, p.58). Bukod pa rito, lumaganap ang NASTUM dahil sa mga pagpunta nila sa

mga probinsya para kunin ang suporta ng mga estudyante para kay Magsaysay. Ang mga gawaing ito ay napadali pa ng mga ugnayan sa mga *student councils* sa iba't ibang mga kampus sa bansa (Salas, sinipi sa Joaquin, 1987, p. 57).

Kaalinsabay naman sa mga pagkilos para sa kandidatura ni Magsaysay, pinaigting naman ang propagandang anti-komunismo laban sa HMB. Pinangunahan ito ng Civil Affairs Office (CAO), partikular na ni Jose Crisol, isang batambatang opisyal-militar at dating lider-estudyante; ani Abueva, pinondohan din ni Crisol ang NASTUM (1971, talababa, p. 226). Nagpakalat ang CAO ng 13 milyong polyeto, "sa loob ng dalawang taon," at sinasabi ding nagdaos ng 6,000 na pagpupulong (Constantino & Constantino, 1975, p. 238).

Para kay Onofre Corpuz (1970, p. 4), ang YP at ang NASTUM ang dalawang halimbawa noon ng malinaw na pagsasama at pakikilahok ng mga estudyante sa pambansang pulitika. Ang ibang *student leader* ay nakapapasok sa pambansang pulitika subalit gamit ang mga paraan ng tradisyonal na pulitika at ang rekord nila sa pakikipagtunggali sa karibal na mga lider-estudyante (Corpuz, 1970, p. 4). Subalit, bagama't mas nagtagumpay ang mga estudyante sa pakikipagkampanya para kay Magsaysay sa kanilang pakikilahok sa pulitika, hindi naman nasustena ito sa pamamagitan ng isang awtentikong kilusan o samahan (Corpuz, 1970, p.4). Kanya pang saad:

> *Where the YOUNG PHILIPPINES had set out as a separate voice of the youth, and failed, the students for Magsaysay merged themselves from the outset into the larger Magsaysay campaign organization. The liaison between the student leaders and Malacañang was a happy marriage. Indeed, so full of mutual affection was it that a divorce was impossible and the student electoral campaign effort did not develop into an authentic movement (1970, p. 4).*

May pagtatangka naman ang kampo nina Presidente Quirino at dating punong mahistradong Jose Yulo na bumuo ng

sariling *auxiliary group* ng mga kabataan, pero hindi sila nagtagumpay. Samantala naman, ginamit ni Sergio "Serging" Osmeña, Jr. ang mga estudyante sa Cebu para sa kanyang kampanya para maging gobernador ng Cebu, mapagtibay ang dominasyon doon ng kanyang Bando Osmeña at sa pagpapalakas ng poder sa siyudad at lalawigan ng Sugbo matapos madaig ang mga Cuenco. Ayon sa mananalambuhay ni "Serging" na si Resil Mojares, "parasitiko" lamang ang tungkuling iginawad ng Bando Osmeña sa mga kabataan at kababaihang "*volunteer*" nito (1986, p. 79). Naglingkod din bilang *volunteers* ang di-iilang estudyante sa Negros Occidental para sa kandidatura noong 1946 ni Rafael Lacson para maging gobernador ng Negros Occidental (Joaquin, 1987).

Dili kaya, ang paghirang sa mga estudyante sa Gabinete ni Magsaysay ay bunga din sa impresyong "mukhang-bata" ("*youthful*") at mas aktibo ang kanyang administrasyon? Pansinin ang paglalarawan ni Abueva sa "Opisyal na Pamilya" ni Magsaysay (Pagdiin sa mga edad):

> *Without staff assistants, the executive business of government alone would crush a President as youthful and strong and dynamic as Magsaysay. He therefore picked a team of young, skilled, and spirited work-horses for his immediate staff.*
>
> *As Executive Secretary. Fred Ruiz Castro, **39,** was head of the executive offices and administrative coordinator of an assortment of some fifty agencies which by law came under the Office of the President…*
>
> *Bagong Buhay publisher Manuel P. Manahan, **38,** chairmanned Magsaysay's pet innovation: the Presidential Complaints and Action Committee, popularly known as the PCAC….Manahan's energetic associates were Colonel Frisco San Juan, **30,** who would succeed as Chairman, and lawyer Antonio J. Villegas, Sr. **26,** who would become Mayor of Manila in 1962.*

> *Malacanang attracted other bright young men. Jose "Pepe" Ansaldo, suave businessman-lawyer and MPM volunteer from Senator Lorenzo Tanada's Citizens Party, handled backbreaking chores as Appointments Secretary. Captain Rodolfo Andal, short, chubby, and* ***34,*** *resumed his DND-style of handling funds for Magsaysay as Finance Officer. Spare and soft-spoken Jose Nable, resigned Chronicle reporter, was Magsaysay's liaison with Congress as legislative secretary. Good-humored Captain Noli Reyes composed th President's letters and telegrams as Private Secretary. UP student leader Rafael Salas,* ***26,*** *headed the Students' National Advisory Council, and worked with (Executive Secretary) Castro. Ace Huk-fighting Colonel Napoleon "Poling" Valeriano headed the presidential military aides including Major Emilio Borromeo and Captains Patrocinio Garcia, Jose Estrella and Agerico Palaypay. Major Romeo Honasan assumed the critical job of ensuring the President's safety. Captain Edgardo Tolentino was assigned to the duty of tidying up Malacanang's mountainous records (Abueva, 1971, pp. 286-288).*

Si Eleuterio "Terry"Adevoso, dating gerilya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naman ang pinaka-"batang" Kalihim; sa edad na 32 anyos, siya ang hinirang bilang Secretary of Labor (Abueva, 1971, p. 292). Ibig sabihin pala din nito, bagamat namuno si Salas bilang tagapayo ni Magsaysay para sa estudyante, hindi siya itinuring na talagang bahagi ng Gabinete nito.

## *Consultative Council of Students*

Noong Abril 8, 1954, sa bisa ng Executive Order # 24, iniatas ni Presidente Magsaysay ang pagbubuo ng Consultative Council of Students (CCS). Sa *The World of Rafael Salas*, nagkamali si Nick Joaquin sa nabanggit na bilang ng Executive Order na ito. Ang nasabing konseho ang siyang magpapayo sa kanya ukol sa mga pambansang usapin at pati na sa mga isyung

malapit sa mga estudyante. Mga 20 *student leader* ang bumuo sa CCS, tulad nina Salas (na *driving force* ng NASTUM), Juan Nabong, Jr., Eugenio Villanueva, at Ignacio Debuque. Hindi pa malinaw kung pinakinggan ba ni Magsaysay ang CCS, kahit bahagya lamang. Unang nabanggit ang posibilidad ng pagbuo ng CCS noong Marso 10, 1954 sa isang pagpupulong sa pagitan nina Presidente Magsaysay at 20 lider-estudyante. Pag-uusapan sana ang pagbuo ng isang opisina sa Malacanang na mangangasiwa sa mga usaping pang-estudyante. Bagamat walang napagkasunduang malinaw na hakbang para rito, napili ng mga dumalong lider-estudyante si Rafael Salas bilang "opisyal na tagapagsalita" at tanging tagapag-ugnay sa Palasyo ng mga grupo ng mga estudyante (Joaquin, 1987, p. 64). Subalit, lumilitaw na isang halimbawa ito ng pakikipagtunggalian ni Rafael Salas sa isa pang karibal na student leader na si Eugenio Villanueva (na dating president ng CONDA), na nauna nang nagsumite ng balangkas para sa isang konseho ng mga mag-aaral. Nagawa namang kontrahin ito ni Salas hanggang sa makabuo siya ng sariling balangkas (Joaquin, 1987, p. 64).

Batay sa EO No. 24, pamumunuan ang CCS ng isang *chairman* at *vice chairman*. Mayroon din itong 17 miyembro. Ang naturang mga kasapi ay hihirangin ng Pangulo mula sa mga kilalang lider ng mga samahang estudyante at kabataan; kapansin-pansin naman ang dami ng mga indibidwal na isinama rito (Asuncion, 2015, p. 62). Sa pagpapabuo ni Magsaysay sa CCS, ang mga estudyante ay binigyang-pagkakataong pag-isipan at pag-usapan ang mga problemang pambansa, aktibong (m)akilahok sa pamamalakad ng mga usaping pampubliko, itaguyod ang kanilang interes sa kapakanang pansibiko, simulan ang inisyatibo sa hanay ng mga estudyante na makilahok sa mga programang maglilinang sa mga kabataan (*youth development programs)* at upang malaman nang diretso ni Magsaysay mula sa mga estudyante ang kanilang mga suliranin. Si Salas mismo ang isa sa mga pangunahing pinagsasanggunian ni Magsaysay ukol sa ilang suliranin sa batas (Joaquin, 1987, pp. 40-41 at Abueva, 1971, p. 306). Nilibot din ng CCS, kasama sina Rod Reyes at Homobono Adaza, sa pamamagitan ng *goodwill tour,* ang Timog-Silangang Asya noong 1956. Ito ay para ipakita sa nasabing mga lugar "ang

iba't ibang mga aspeto ng buhay at kulturang Pilipino" (Reyes, 1987, w.p.). Salamin naman ng tunguhing anti-komunismo ng panahong iyon ng pamahalaan ng Pilipinas, sa konteksto ng neokolonyalismong Amerikano, itinakda rin sa konseho ng EO 24 ang pagmumungkahi ng mga paraan upang kontrahin ang mga subersibong gawaing makakapag-impluwensiya sa mga estudyante laban sa "umiiral na pamahalaan at demokratikong pamumuhay." Si Salas ang naglingkod bilang unang pinuno nito at may tanggapan din siya sa Malacañang. Si Salas at ang CCS ay pinangangasiwaan ng Kalihim na Tagapagganap o Executive Secretary noon na si Fred Ruiz Castro (Abueva, 1971, p. 287 sinipi sa Asuncion, 2015, p. 63)**.** Bukod kay Salas, kinabibilangan ang CCS ng halos 20 mga lider-estudyante gaya nina Juan Nabong, Jr., Eugenio Villanueva, at Ignacio Debuque. Narito ang isang paglalarawan kay Nabong mula sa *website* ng Grand Lodge of Free and Accepted Masons ng Pilipinas (w.p.).

> *After graduating from Union High School of Manila, (Juan) Nabong, Jr. studied law at the University of the Philippines. He was still a law student when was chosen as one of the members of President Ramon Magsaysay's Consultative Council of Students.*

Naging kasapi din ng CCS sa mga sumunod na taón ang mga batang manunulat, estudyante ng abugasya, mga delegado mula sa mga organisasyong Katoliko, mga pinuno ng mga *student council*, at mga representante ng mga pamantasan sa Maynila. Noong Setyembre 1956, ayon sa *Official Gazette* ("President's Month in Review," Setyembre 16-30, 1956), nahirang sa CCS sina Godofredo Camacho (College Editors' Guild), Oscar Suarez Manalo (Inter-University Tagalog Literary Society), Arturo Bernales (Philippine Law School), Luis Amado Lagdameo (Student Catholic Action) at Wenceslao Vinzons, Jr. (Student Council Association of the Philippines). Narito ang siniping bahagi ng Executive Order # 24:

1. The Consultative Council of Students shall be composed of a Chairman, a Vice-Chairman and seventeen members to be designated be the President

for specified terms from, recognized leaders in student and youth organizations. The Chairman shall serve as Technical Assistant on Youth and Student Affairs.

2. The Council shall have the following duties and functions:
   a. To study and recommend to the President ways and means of encouraging student activity with a view to developing useful skills, civic habits and manly virtues in every young Filipino during the formative years;
   b. To study and recommend to the President ways and means of fitting youth and student action into the government program of barrio development and community improvement;
   c. To study and recommend to the President ways and means of counteracting subversive activities designed to unduly influence the youth and student population against the established government and democratic way of life;
   d. To select undergraduate or graduate students' aptitude and qualifications for specialization in particular fields of learning and to recommend them for scholarships; and
   c. To study and discuss such other problems concerning youth and student affairs as the President may assign to it and to recommend appropriate solution therefore (*Official Gazette,* 1954, w.p.).

.

Noong 1954, nawala muna sa CCS si Salas nang ipinadala siya ni Presidente Magsaysay bilang iskolar ng gobyerno sa Harvard Graduate School of Public Administration. Nakapagtapos siya rito noong 1955 at bumalik sa Pilipinas noong namatay rin ang kanyang ama. Subalit, ibang CCS na rin ang kanyang nadatnan sa pagbabalik sa mga dating puwesto bilang tagapayo sa usaping pang-estudyante at sa pagka-pinuno ng CCS. Una, ayaw magparaya sa kanya ang tagahalili sa opisina niya sa Malacañang na si Dominador Liberinto. Ikalawa, ang kahalili niya sa CCS na si Ignacio Debuque ang siya niyang

hinihingan ng payo ni Presidente Magsaysay, na dati ay kay Salas isinasangguni (Joaquin, 1987, p. 71). Naghaka-haka rin ang mga kolumnista sa mga peryodiko na nagdulot ito ng hidwaan sa pagitan nina Salas at Debuque.

Bukod sa CCS, nagpakita din ang administrasyon ni Presidente Magsaysay ng pagsuporta sa iba pang samahang pang-estudyante nang tulungan nito ang Conference Delegates Association o CONDA sa pag-organisa ng Ika-Labing Isang Pambansang Pagpupulong ng mga estudyante sa Baguio City noong 1956 ("President's Month in Review," Disyembre 16-31, 1956, w.p. sinipi sa Asuncion, 2015, p. 65). Pinasalamatan ng CONDA ang Pangulong Magsaysay sa isang pagbisita matapos ang isang pagpupulong ng Gabinete. Dumalaw sa Pangulo ang presidente ng CONDA na si Alberto Javier, Jr., Wenceslao Vinzons Jr. (na kinakatawanan ang Student Councils Alliance of the Philippines) at iba ("President's Month in Review," Disyembre 16-31, 1956). Sinamahan sina ni Rafael Salas, ang pinuno ng CCS at may opisyal na titulo na *technical assistant on student affairs*.

Masasabing gawa ng "malapit" na ugnayan ng gobyerno at mga samahang-estudyante, walang naitalang malaking demonstrasyon sila laban sa gobyerno mula 1953 hanggang 1956. Ang ganitong mga demonstrasyon ay idinaos matapos ang administrasyon ni Magsaysay (Asuncion, 2015, p. 63). Isa na rito ay ang isinagawa noong Disyembre 16-17, 1957 nina Fernando Lagua, ng UP University Student Council, at ni Homobono Adaza, dahil sa kabiguan pa rin noon ng Lupon ng mga Rehente na makapili ng bagong presidente ng Unibersidad kapalit ni Vidal Tan (Guerrero, 1985, p. 346). Inimbestigahan sina Lagua at Adaza noong unang dalawang buwan ng 1958; kinatigan ng Komiteng Ehekutibo ng University Council ang rekomendasyong suspendido si Lagua sa loob ng siyam na buwan at tanggalin si Adaza sa mga talaan ng Unibersidad "*without prejudice to the issuance of the transcript of his records*" (Guerrero, 1985, p. 350). Sa kabila ng mga pagpuna sa desisyon, pinanindigan ni UP Presidente Vicente Sinco ang pagpasyang iyon, sa pagsasabing "nasa kapangyarihan ng Unibersidad na mamahala sa sarili nitong mga usapin, at tuparin ang mga

alintuntunin at reglamento sa loob ng balangkas ng mga batas" (Guerrero, 1985, p. 351). Bukod pa ito sa isang demonstrasyong noong Nobyembre ng 1958 ng 150 estudyante mula sa ilang pamantasan at kolehiyo sa Maynila, upang panawagan ang pagbabalik sa kustodiya ng pamahalaang Pilipino ni Alfredo Saulo (Mga ulat ng *Manila Times* na sinipi sa Damo-Santiago, 1972, p. 51.).

## Philippine Jaycees

Hindi lamang ang NUSP at CCS ang mga samahang napalahok sa pagkontrol sa paglaganap ng komunismo sa loob at labas ng Pilipinas. Aktibo rin ang Philippine Jaycees, o kilala rin bilang Junior Chamber International of the Philippines, sa pagtulong sa Prinsipalidad ng Laos at Republika ng Timog Vietnam, na pinangangambahang makontrol ng mga komunista, at pati na sa mga baryo sa Pilipinas (Junior International of the Philippines, w.p., sinipi sa Asuncion, 2015, p. 70). Isinagawa ng Philippine Jaycees ito sa pamamagitan ng Operation Brotherhood, na nag-ugat naman sa proyektong "Help the Barrio" na itinaguyod sa siyudad ng Zamboanga ng isa sa mga kasapi, si Cesar Climaco, na kalaunan ay magiging "makulay" at matapang na alkalde nito (Junior International of the Philippines, w.p., sinipi sa Asuncion, 2015, p. 70).[3]

Simula 1962, idinaos ng Philippine Jaycees, ang paghahanap sa at paggawad ng *The Outstanding Young Men* o *TOYM* (Junior International of the Philippines, w.p.). Noong 1970, ginawaran ng *TOYM* ang president noon ng National Union of Students of the Philippines na si Edgar Jopson. Bukod pa rito, nagdaraos din ang samahan ng mga timpalak sa talumpati para sa mga estudyante (Junior International of the Philippines, w.p.,). At ilang taon pa lamang nabubuo ang Philippine Jaycees ay tumulong na ito sa pagtatag ng National Movement for Free Elections noong 1951, kasama mahigit sa 13 mga samahang pansibiko (Abueva, 1971, talababa 30, p. 196). Una nitong binantayan ang halalang *midterm* ng 1951.

## "Pagtutol sa komunismo at pangingialam ng pamahalaan"

Naitayo ang National Union of Students of the Philippines nina Artemio Panganiban (ng Far Eastern University), Julio Macaranas (Unibersidad ng Santo Tomas), Hermila Milaflor (Colegio de Sta. Isabel), Miguel Sanidad (National University), Alfonso Aguirre (Kolehiyo ng San Beda), Fernando Lagua (Unibersidad ng Pilipinas) at Ma. Theresa Endencia (St. Theresa's College) (Panganiban, 2007, w.p.). Nabuo ang NUSP noong 1957 bagamat sinasabi na sa sumunod na taon lamang nagdaos ito ng *founding congress* at noong 1958-1959 naman nagsimulang manungkulan si Panganiban bilang unang pangulo nito. Makikilala paglaon si Panganiban bilang Punong-Mahistrado ng Korte Suprema noong kalagitnaan ng panguluhan ni Gloria Macapagal-Arroyo. Si Lagua naman ay siyang nahalal na *Chairperson* ng University Student Council noong Hulyo 1956; ang kanyang eleksiyon, pati ng lima niyang mga kasama, ay hudyat naman ng pormal na dominasyon sa *student politics* ng UP Students Catholic Action, na pinuna naman ng ilan sa sektaryang pagkiling nito (Cortez, 1985, p. 331).

Sa pagkakatatag ng NUSP, hinangad nito "ang muling pagpapasigla ng inaakalang nananamlay noong pamumuno sa kilusang pang-estudyante" (Panganiban, 2007, w.p.). Bukod dito, ninais din ng NUSP na "tapat na (ma)salamin (ang) opinyon ng mga mag-aaral sa mga usaping pambansa na hindi nahihimasukan ng pamumulitika" (Panganiban, 2007, w.p.). Ayon kay Panganiban, "ayaw nilang mahimasukan ng komunismo o mapakialaman ng gobyerno mismo ang kanilang pagpapatakbo sa isang samahang pang-estudyante, na siyang nangyari sa eleksyon ng Student Councils Alliance of the Philippines para sa pambansang pamunuan nito noong Setyembre, 1957" (Panganiban, 2007, w.p.). Subalit, makakapasok ang mga *national democrats* sa NUSP simula dekada 70 o marahil mas maaga pa. Nasaad pa:

> *Layunin din ng NUSP ang pagsugpo sa impiltrasyon umano ng mga komunista sa mga kampus. Sinasabing*

> *maraming mga pulitiko sa bansa na lumitaw mula dekada 70 hanggang 90 ang unang nakisangkot dahil sa NUSP. Gayumpaman, isang kabalintunaan na lagpas 10 taón ang lilipas, pamumuan ito ng isang student leader na itinuring noong una bilang moderate ay may kiling na paglaon sa mga hakbang na bukod sa repormismo (Panganiban, 2007, w.p).*

Sa mga unang taón ng pagkakatatag ng NUSP, ipinahayag nito ang ilang susing mga halagahin (*core values*). Idiniin noong dekada 50 ng NUSP ang "dignidad, integridad, kasarinlan, kalayaan, responsibilidad at demokrasya;" itinuring na nakamit ang mga ito dahil sa nasugpo ang tangkang panghihimasok ng mga komunista sa mga samahang estudyante, bukod pa ito sa nabuwag na ang "Little Cabinet" ng pangulo noong mga taóng iyon (Panganiban, 2007, w.p.,). Narito naman ang talaan ng mga naging pangulo ng NUSP sa loob ng unang dalawang dekada ng kanilang pag-iral bilang samahan ng mga estudyante (Macarambon, 2007, w.p.):

1958-1959 – Artemio Panganiban
1959-1960 – Raul Paredes at Pedro M. Guidote, Jr.
1960-1961 – Raul S. Roco
1961-1962 – Evergisto G. Macatulad
1962-1963 – Augusto A. Kimpo
1963-1964 – Oscar L. Contreras, Jr.
1964-1965 – Vicente Valdellon, Jr.
1965-1966 – Macapanton Abbas, Jr.
1966-1967 – Ramon Sto. Domingo at Mervyn G. Encanto
1967-1968 – Ronaldo V. Puno
1968-1969 – Fluellen Ortigas
1969-1970 – Edgar M. Jopson
1970-1971 – Edgar M. Jopson

Masasalim sa CCS at NUSP ang mga umiiral na halagahan/*values* ng dekada na iyon na pinaniniwalaang mga katangian ng isang demokrasyang hinuhubog ayon sa imahen ng Estados Unidos. Kung pagbabatayan ang mga manipesto at iba pang mga pahayag ng CCS at NUSP, masasabing kumikiling

sila sa *American-style democracy* (Asuncion, 2015, p. 69). Ang nasabing "uri ng demokrasya" ay tumututol sa anumang mga gawi o paniniwalang taliwas dito, tulad ng komunismo at katiwalian. Ilang sa mga kilalang personahe sa pulitika sa kasalukuyan at mga nagdaang dekada ay pinamunuan ang NUSP bilang presidente nito (Asuncion, 2015, pp. 69-70).

## Pagtatapos

Muling umusbong ang mga samahang kabataan sa unang 12 taon ng panahong kontemporanyo. Hindi pa kasama rito ang papel ng ibang indibidwal na "batang" pulitiko gaya nina Raul Manglapus at Manuel Manahan, na kasama sa "Rah Rah Boys" ni Magsaysay, ani Nick Joaquin. Ang peryodisasyong 1946-1958 ay alinsunod sa kahingian ni Barraclough patungkol sa kontemporanyong kasaysayan at ang pagtatakda ng saklaw at hangganan nito. Isinaalang-alang din dito ang tatlo sa sampung katangian ng kontemporanyong kasaysayan na akma sa yugtong "Ang Bansa Sa Harap ng Neokolonyalismo." Alinsunod naman sa mga puntos ni Johnes, makakabuo ng tentatibong heneralisasyon batay sa mga nasangguni at nasasangguni pang mga primaryang batis. Gamit ang lenteng ugnayang estado, mga pulitiko, at estudyante, narito ang ilang tentatibong konklusyon.

Una ay tuluyan nang lumipas ang henerasyon ng mga samahang kabataan/estudyante ng dekada 1930. Nalusaw ang Young Philippines, Philippine Youth, at Democrata Nacional. Ikalawa, lalo na mula 1952-1957, naglingkod bilang taga-suporta o *auxiliary* ng isang sikat na politiko (Ramon Magsaysay) ang ilang kabataan, lalo na mga estudyante, At lalong naging mga taga-suporta ng gobyerno ang mga samahang ito nang umiral sa loob ng ilang taon ang Consultative Council of Students o CCS. Taliwas ito sa kritikal na tindig ng Young Philippines, lalo na ng lider nito na si Wenceslao Vinzons at ng Margileñang kasaping si Carmen Planas, laban kay Presidente Manuel Quezon. Kung babalikan ang talambuhay ni Salas, lumilitaw na nagkaroon ng iringan sa hanay ng mga lider-estudyante at

pinapalala pa ng ilang haka-haka ng mga kolumnista. Sumasang-ayon ako na tinulungan ng mga samahang estudyante ang kandidatura ni Magsaysay lalo na at siya ang lumilitaw na alternatibo sa administrasyon ni Presidente Quirino. Bagamat nasa poder ang ilan sa kanila, mahirap pa ring masabi na tunay na naisalang-alang ang interes ng mga kapwa estudyante sa pangkalahatan.

Sa kaso ng NASTUM at Students for Magsaysay President Movement, kanilang taglay ang "moderadong" nasyonalismo at pagtangkilik sa kandidatura ng nasabing politiko. Tila bagang naging kapalit sa kanilang pagsuporta ang pagkakabuo ng CCS. Sa kasawiang palad, hindi nagtagal ito matapos ang biglaang pagpanaw ni Presidente Magsaysay nang bumagsak ang eroplanong *Mt. Pinatubo* sa Bundok Manunggal, Balamban, Cebu noong Marso 17, 1957. Gayumpaman, ikatlo, umiral ang konserbatismo at *politically safe* na tindig ng ilang estudyante nang kanilang buuin ang National Union of Students of the Philippines na kaiba kung ikukumpara sa *conjuncture* ng dekada 30 lalo na sa kasagsagan ng mga pagpuna ng Young Philippines. Sa mga sumunod na taon ay nagkaroon ng mala-*McCarthy witch hunt* laban sa mga inaakalang komunista sa loob ng UP. Ikaapat, pawang kalalakihan ang liderato ng nasabing mga samahan at sa Maynila talaga sila naka-pook para sa mga gawaing pulitikal. Panghuli at panglima, ang mga estudyanteng taga-Cordillera at Pilipinong Muslim ay may mga binuo o nilahukang samahan na nagtataguyod ng kanilang mga kapakanan at identidad; kinakailangan pa ng paggsaliksik sa mga sinupan man o panayam) kung nagkaroon ba sila ng ugnayan sa mga samahang kabataan sa sentro o Maynila. Ang susunod na dalawang dekada ay magiging kabaliktaran naman ng panahon ng "mga bata ni Magsaysay" sa pulitikang pambansa.

## End Notes

[1] Nirebisang bersyon ng Ikalawang Kabanata sa Asuncion, R. J. (2015). *Kasaysayan ng mga Samahang Kabataan, 1934-1978*. [Di-nalathalang tesis masterado]. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, pp. 5-7 at ng papel na ipinasa kay Dr. Neil Martial Santillan para sa isang gradwadong kurso sa Kasaysayan ng Pilipinas. Maraming salamat kay Dr. Santillan sa mga komento na nagpatibay sa mga argumento at nagbigay ng panibagong pagtingin sa paksa.

[2] Si Oscar Arellano, ng Philippine Jaycees, ang nanguna sa panunumpa ng mga opisyal ng NASTUM sa Aroma Cafe, Sta. Cruz, Maynila.

[3] Isinapelikula rin ang buhay ni Cesar Climaco at ginampanan ito ng yumaong actor na si Eddie Garcia.

## Sanggunian

Abinales, P. & Amoroso, D. (2004). *State and society in the Philippines.* Anvil Publishing.

Abinales, P. (1985). The left and the Philippine student movement: Random historical notes on party politics and sectoral struggles. *Kasarinlan*, *1*(2), 41-45.

Agoncillo, T. (1976). Student activism of the 1930s. *Solidarity*, *10*(4), 22-28.

Abueva, J. (1971). *Ramon Magsaysay: A political biography.* Solidaridad Publishing House.

Asuncion, R. J. (2015). *Kasaysayan ng Samahang Kabataan, 1934-1978*. [Tesis masterado, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman]

Barraclough, G. (1967). *An introduction to contemporary history.* Penguin Books.

Bloch, M. (1992). *The historian's craft* (P. Putnam, Tagasalin). Manchester University Press. (Orihinal na gawa inilathala noong 1949)

Chua, M. C. B. (2008-2009). Ang Imeldific: Representasyon at kapangyarihan sa Sto. Niño Shrine sa Lungsod ng Tacloban" *Philippine Social Science Review, 60*(1), 57-93.

Constantino, R. & Constantino, L. (1975). *The Philippines: The continuing past*. The Foundation for Nationalist Studies.

Corpuz, O. (1969). Student power in the Philippines: A perspective." *Solidarity, 4*(7).

Cortez, R. M. (1985). Tan's devoted presidency. Nasa O. Alfonso (Pat.). *University of the Philippines: The first 75*

*Years (1908-1983)* (pp. 297-337). University of the Philippines Press.

Damo-Santiago, C. (1972). *A century of activism.*[Tesis masterado, Philippine Normal College.

Finin, G. (2005). *The making of the Igorot: Contours of Cordillera consciousness.* Ateneo de Manila University Press.

Guerrero, M. (1985). Sinco's clash with conservatism. Nasa O. Alfonso (Pat.) *University of the Philippines: The first 75 Years (1908-1983)* (pp. 340-387). University of the Philippines Press.

Joaquin, N. (1987). *The world of Rafael Salas: Service and management in the global village.* Solar Publishing Corp.

Johnes, M. (2011). On writing contemporary history. *North American Journal of Welsh Studies, 6*(1), 20-31.

Junior International of the Philippines. (Walang Petsa). *Brief history.* Philjaycees.com. Na-access mula sa http://www.philjaycees.com/JCIProfile.html

Lipset, S. M. (1968). Students and politics in comparative perspective. *Daedalus, 97*(1), 1–20.

McKenna, T. (1998). *Muslim rulers and rebels: Everyday politics and armed separatism in the Southern Philippines.* Anvil Publishing.

Mojares, R. (1986). *The man who would be president: Serging Osmeña and Philippine politics.* Maria Cacao Publishers.

Naankiel, P. W., Sankira, M. U., & Ajiji, N. D. (2016). Can history be contemporary? Interrogating a problematic theme in history. *Kaduna Journal of Historical Studies, 8,* 46-58.

Panganiban, A. (2007, Disyembre 16). National Union of Students of the Philippines. *Philippine Daily Inquirer*. Na-

access mula sa *http://www.inquirer.net/specialreports/education/view.php?db=1&article=20071216-107126*

"President's Month in Review" (1956, Disyembre 16-31). *Official Gazette*. Na-access mula sa http://www.gov.ph/1956/12/31/presidents-month-in-review-december-16-december-31-1956/

"President's Month in Review" (1956, Setyembre 16-30). *Official Gazette*. Na-access mula sa *http://www.gov.ph/1956/09/30/presidents-month-in-review-september-16-september-30-1956*

Santillan, N. M. R. (2021, Marso 19). *Kontemporanyong kasaysayan: Isang paglilinaw.* Powerpoint Presentation.

Silverstein, J. (1968) Burmese student politics in a changing society. *Daedalus*, *97*(1), 274-228.

Tolentino, A. (1990). *Voice of dissent.* Phoenix Publishing House.

Valte, M. (1987). The Philippine student movement: Prospects for a dynamic student politics. *Kasarinlan, 2*(3), 49-62.

RUBEN JEFFREY A. ASUNCION is currently a faculty member of the Department of Social Sciences at UP Los Baños. He is handling GE courses on Philippine History/Kasaysayan ng Pilipinas and The Life and Works of Jose Rizal. His research interests include the role of youth and students in colonial and contemporary Philippine history, and local histories of Novaliches-Caloocan, Bicol, Cebu, and northwestern Mindanao. Prof. Asuncion's articles have also been published in the UPLB Journal, Daluyan of UP Diliman Sentro ng Wikang Filipino, and Lux Veritatis of UST-Legazpi.